The Tanganglawin

Tomo XXX Blg. 400 ANG OPISYAL NA KATANGAHAN NG ARTENEO DE MANILA

Nang dahil sa flashflood na boto kay Chubs Stein

Cumerect nagdeklara ng failure of erections

ni BENZAYB



ABSTAIN. Ang pakikipag-usap kay Abstain ay parang pakikipag-usap sa pader — wala kang mapapala.

Panalo na naman si Chubs Stein sa nakaraang Tsonggu elections. Dahil magis ang mga Artenista, tumakbo sa lahat ng posisyon si Chubs. Hindi naman kagulat-gulat na nanalo siya sa lahat ng posisyon maliban sa tatlo.

Marami ang umalma! Mandurugas daw si Chubs sapagkat siya na lang daw lagi ang nanalo sa naturang eleksyon—for three straight years. Dahil dito, nagdeklara ang Cummission on Erection (Cumerect) ng failure of elections sa tatlong eskwelahan ng Lalola schools ng Arteneo—SOSEY, SOSSY at SOHSY. "We uhrr carentli imbestigeiting da kis, coz wir smeling samting pishi," sabi ng representative ng Cumerect na ayaw magpakilala.

"Imposible talaga ang pangyayari!" nasambit ni Jee-oh Alele-oh, paalis na presidente ng Tsonggu ngayon. "Ako, I almost lost to Chubs Stein din nung tumakbo ako, buti na lang mas pogi ako sa kanya! Because handsome guys always win, kahit last year din naman! Hahahahaha, tsaka mas maputi ako! Hahahahaha!" Uuhhm, isang konsepto lamang si Chubs Stein*, bobo much?*

Nag-tweet naman ang Chairman ng Kagawaran ng A-Beautiful-Affairs ng Tsonggu na si Roses Albino. "Malaki ang inaasahan sa mga nakatalo

Cumerect PAHINA 2

Fr. Domdom: "Doomsday, naudlot dahil sa Global Warming"

ni KADILIMAN AT ALING SIONING

NARAMDAMAN NATIN ang unti-unting pagmeltdown ng mundo dahil sa mga reports na natanggap ng Tanga nitong nakaraang unang 11 buwan ng taong 2012:

"Mababa grades ko kaya iniwan ako ni Papi J ko! Huhuhuness!" - Deadmadela, AB ShindigLikeADiamond

"Sobrang najebs ako tapos walang banyo; nong makakita ako ng banyo, walang tabo. Hustle sa masel, bro." -SOMbody, BS LagingMayMoney

"Wasent able to apply tawas before I wen to PE my ges. Nasabihan tuloy ako ng panget." - Datu Puti, double degree in BO and B.O.

May mga reports rin na may mga namamatayan ng alagang kulisap at balang, pati na rin ng mga tropang nahulog sa bitag ng Friendzone. #PatayTayoDyan

Pero ang pag-uusapan natin ngayon ay tungkol sa katapusan ng mundo noong nakaraang taon. Korek! Ang malaking isyu simula pa noong unang panahon na ngayon lang naresolba: December 21, 2012. Ayon sa mga tsismis na kumakalat sa internet, napagtripan diumano tayo ng mga Mayans. Naubusan lang ng espasyo, hindi na talaga nagsulat? Weh?

Fr. Domdom PAHINA 8

Canteen-uh nagsara, Artenista nagluksa

ni YANG WAYL EN PRI

MARAMI ANG NAGULAT sa biglaang pagkakaligwak sa pwesto ng paboritong inuman place ng bayan—ang Sus Mariya Canteen-uh. "It was like a part of your heart was like taken out of your heart like it used to be a part of your heart, and now it's gone, because it was taken out," siyang nasambit ni Fr. Diyeta Kilawin nang tanungin ukol sa pangyayari.

Iba-iba ang naging reaksyon ng mga Artenista sa nangyari. "The place was full of memories... I had my first puke [as in the suka puke, not the other one] in their comfort room" ani Omar, isang freshman student na feel na feel na agad ang pagkawala ng naturang bar, "even if first year pa lang ako, I made a connection with Canteen-uh na talaguh."

May mga natuwa rin sa pagpapasara ng Canteen-uh. Ani Teacher Ricky, "'Yang mga klase ng mga bar bar na yan ang nagiging rason ng pagbagsak ng mga estudyante ko, most especially at lalung-lalo na sina Piolo, Coco, at Sam, nasasayang ang tuition na pinambabayad ko, este... ng mga magulang nila sa kanila."

Marami ang naging haka-haka sa kung anong dahilan nang pagsasara ng naturang establisimyento. May nagsasabing ipinasara ang Canteen-uh dahil pinamumunuan daw ito ng mga aliens, ng isang vampiric cult na nagpipyesta sa dugo ng mga lasing na hindi makauwi at inabanduna ng mga kaibigang hindi naman talaga nag-eexist, ni Bob Ong, ni Zaido, ni Boy Pickup.

"Patay na kasi si Doraemon, wala na silang source of beverages," ani Malou, isang sophomore ng AB Closingrestobarsology. Ang iba naman, nagsasabing nalugi ang bar dahil sa maraming nakiki-leech ng wi-fi nila. Pinaka-naging matunog ang isyung magiging Shykiss raw ang bar. "Burn Shykiss!" ani Malou habang kumakain ng mojos.

Canteen-uh PAHINA 8



MBP, Kumakalukadidang:

May Arteneo at Tebe Payb na, may Yupi pa!

ni NAKNGTEKLA

Kung nakatira ka sa ilalim ng bato, o kung Tanganglawin lang talaga ang binabasa mong dyaryo (Salamat!), malamang hindi mo nalalamang pansamantalang nag-"laban o bawi" ang kadramahan nina Money Bebe Pabitinan at ng panggulo ng Arteneo na si Father Diyeta Kilawin. Ayun, binawi ni Pabitinan ang sandamukal na datung na ibinigay niya para sa mga papable na basketbol players matapos malaman ang stand ng Arteneo ukol sa pagmimina ng mga materyales na panggawa ng iPhones, kable ng telepono, kotse, pridyider, bahay, pagkain ni Bantay, at iba pa. Syempre, bilang mae-extinct ang Blue Igols kung di pangangalagaan ang environment echos, against ang Arteneo dito.

Inaasahan ng Yupi, siyang kapitbahay ng Arteneo sa masukal na bahagi ng Quizon Ceetay, na mababaling ang suporta ni MBP sa kanila, at dahil nga binawi na ni MBP ang datung, walang nagawa ang mga kawawang Artenista kundi kumalap ng donasyon mula sa gradweyts ng Arte, ala-Bantay Bata 163, para sa programa ng basketbol ng pamantasan. Lumipas ang isang buwan at lo and behold, bumalik si MBP sa piling ng Arte at muling nagpaka-bangko para sa basketbol teams. Ayun, olats tuloy ang Yupi at nayupi nga ang pag-asa nilang maambunan ng mas maraming grasya mula kay Money at makaangat sa pagkakulelat sa UAAP. Tungkol naman sa datung na nakalap mula sa mga gradweyt, ipapa-distribs na ito sa ibang atletikong teams ng Arte (ano 'to, tira-tira ang peg? Ano sila, askal megano'n?) at kasabay ng pagkakabalikan ng dalawang starcrossed luvers, nangako si MBP na magpapadatung din sa lahat ng teams ng Arte. Better late than never say never, na siyang words of wisdom ni Justin Buber.

Mukhang business as usual na nga uli ang Arteneo at si MBP, at di na mabibitin sa datung ang mga atleta-kuno ng iskul. Syempre, business as usual ang Tebe Payb na pagmamay-ari ni Money, na hindi alam ng sansinukob kung may nanonood ba o wala (okey lang, basta may premyong jacket at payb tawsan pesos galing kay Kuya Waley). Sa dinami-rami ng kalukadidang ni MBP, mukhang ebribadi hapi na naman… maliban sa mga umasa at agad ring nayupi.

Cumerect

MULA PAHINA 1

kay Chubs. Ewan ko kung ano 'yon, kasi I'm just randomly saying words to make me sound smart but I know malaki iyon."

Sa Faezbook naman nagpatama si Kyemetary-General candidate ABCDJ Elmnñngo. "Dapat maging wake-up call ito sa Tsonggu at Cumerect. May ginagawa tayong mali. Masakit na. I love you and I will tell you everyday, everyday until you forget the things that hurt. And how I wish I could take them away. If only it could be done but it cannot be done because you won't let me (M. Salvador, 2007)."

Kanya-kanyang sisihan naman ang naganap. Sinisisi ng ilang kandidato ang kakapiranggot na exposure time ng eleksyon at ng mga kandidato. "Hindi ko masisisi ang mga estudyante. I didn't even know na merong eleksyon, I wasn't informed!" sabi ng isang third year student nagzozombie-mode na dahil sa hellweek.

Isang avid supporter ni Chubs Stein ang lumapit rin sa amin. "Ako, I didn't vote na coz I know Chubs Stein will win pa rin naman." Dagdag pa niya: "Quite frankly, wala namang ginagawa ang Tsonggu sa loob ng Arteneo, bukod sa mga relief operations, project grants, subsidies. Hindi ko maramdaman na may impact pa sila sa buhay estudyante ko." OUCH, Tsonggu!

PRESYO NG LEMONS, TUMAAS!

Ni BOYET

Ayon kay Mang Thomas na naglalako ng lemons sa kalaliman ng Schpanya, tumaas ng π10 % ang presyo ng lemons. "Tiyak na mamumulubi ang mahihilig tumikim ng maasim. Tiba-tiba nga ako ngayong araw. Problema ko lang ngayon, nagkakaubusan na ng lemons!" Mula sa 100.000000 kada piraso, nagkakahalaga na ngayon ang bawat lemon ng 100.000000+100.000000xπ10 kada piraso. Sa Napa-Q Mart pa lamang ay dagsa na ang mga may-Toma, ang tawag sa mga suki ni Mang Thomas.

Sinisisi ni Mang Thomas at ng mga may-Toma ang Masasayang Limon. Ayon kay Mang Thomas, na may terminal digri sa e-conyo-mix, si Krist-yo ng Arteneo dur Maniluh ang dapat sisihin sa pagtaas ng presyo ng lemons. "The unit price for a particular good, in this case, lemons, will vary until it settles at a point where the quantity demanded by consumers, at current price, will equal the quantity supplied by producers, at current price, resulting in an economic equilibrium for price and quantity. If demand increases and supply remains unchanged, a shortage occurs, leading to a higher equilibrium price."

Galit na galit ang mga may-Toma kay Krist-yo na nakikita nila bilang "epitome ng pagka-Artenista" at sa mga Artenistang tumatangkilik sa Masasayang Limon dahil sinolo umano nito ang suplay ng lemons sa bansa. Idineklara nila ang araw ngayon bilang "Day of Lemons" upang gunitain ang araw na hindi sila nakatikim ng maasim. Ayon sa kanilang lider na si Brasi Tariano, magpipiket sila sa lahat ng branch ng Masasayang Limon upang panooring lumabas ang mga Artenista hawak-hawak ang kanilang mga inumin. Aminado silang hindi nila kayang bumili sa Masasayang Limon dahil sobrang mahal. "Galit man kami sa mga Artenista, hindi pa rin namin mapigilan ang aming mga sarili. Kahit makita lang ang mga lemons na nasa inumin ng mga Artenista, okey na."

Bagaman wala nang mailalako ngayon si Mang Thomas, meron pa naman daw siyang natitirang alas. "May asim pa naman ako kung asim lang din ang hanap niyo."

Classified Tanga

WANTED: Chief of (Mini)Stop

REQUIREMENTS:
o Malaki ang tiyan (the bigger, the better), mahilig pumito at favorite ang Kotong candy
o Excellent shooting range/precision (1-2 ft; anything beyond is out-of-range)
o Hindi kailangang pamilyar sa human rights; tagasunod ng Shoot-before-asking policy
o Magaling maghugas ang kamay
o Black-belter in Batuta-do
o May baong English sa harap ng media

*Pwedeng sumide-line bilang personal body guard ng mga pulitiko
Starting salary: Development funds (If you know what I mean)

BENEPISYO: The Pulis Patola Award; term-long supply ng alak at tabako; lifetime ammo supply; firearms license does not expire; For Official Use Also Luxury Vehiclesssss with optional wang-wang device; photo op with the mga sundalong gutom; bragging rights at patung-patong na plaka; kabarilan mo na rin si President dear (kiss kiss bang bang!)

WANTED: Senador wannabe

REQUIREMENTS:
• May experience maging action movie star noong 80s at magdeliver ng cheesy one-liners (pero hanggang doon lang)
• Kayang makipagsabayan sa pumuputok na ugat ni Meryam Defensive-Sanpy-ago
• Hindi magaling mag-plagiarize ng mga blogger
• May asawang artista o kaya siya mismo 'yong artista
• Magaling mag-ober da bakod ng mga partido at nag-yes sa pagpasa ng RH Bill
• Senador ka na ever since panahon ng Hapon

BENEPISYO: Infinite number of terms sa Senado; "No Negative Publicity" Privilege Card (na pwede ring gamitin in tandem with infinite number of terms); Kasalanang Mana a.k.a. pagkakataong maging senador din ang anak at mga apo mo; sariling Maalala Mo Kaya episode; mahigit isang milyong piso bilang Christmas bonus mula sa nag-uulyaning Senate President; maging Presidente ng Pilipins!

Usapang **Usle**

Top secret A-Fuuurrr 2013, anyare na!

Ni ANDITO AKETCH

" The A-Fuuurrr's gonna be like so bongga and so like parang the best you've ever had, believe me doodz. You're gonna be like ermanhgehrd, this is soooo ahhmayzeeng." Ito ang naging pahayag ng isang Tanga source mula sa core team ng ginanap Areneyowh College Fair ngayong ika-1 ng Pebrero, sa gitna ng mga chikang cheverloong lalangawin (na naman) ang proyekto dahil sa kawalan ng promotions, hindi katulad noong nakaraang taon nang si Mej Gebarara, dating opisyal ng Sangganuhang Mag-aaral ng Paaralang LoloSiya ng Areneyowh de Maniluh, ang nanguna ng komiteng nagtulak sa muling pagbuhay (at muling pagkamatay, aminiiin!).

Sa isang memo ng #PogiAkoVP ng Paaralang LoYOLO Jjampong Bengara, ginawang half-day ang klase sa Pebrero 1, unang araw ng A-Fuuurrr, upang mabigyan ng pagkakataong makibahgi ang mga Arenistahs sa pagdiriwang.

"Izz waz like zuper top zekret cuz we wanna make Arenistahs excited sa A-Fuuurrr para mabulaga talaga sila. Pero ermahgerd, make believe me when I make sabi na honggoleng niya, erkey? Like parang soooo pantasteek," dagdag pa ng aming confidential informant na si Ehyan Agatehh, pangalawang panggulo ng Sangganuhan, tungkol sa mej masikreto (or mej not) na preparations.

Ngunit ibinulong ni Agatehh sa amin na ang set ng dulang "Lababow-Doon" ng Entabladder ay lihim na free-for-all obstacle course kung saan kailangan malampasan ng players ang mga freshies na nagkukwentuhan at nagcocompare ng sagot sa Math 1 o kaya mga magsing-irog na nagkakagatan para sa wagas na pag-ibig.

Mayroon ding zorbs na manggagaling sa tuktok ng Church of Gesu at magtatapos sa kagubatan sa likod ng kagubatan (maaring ng Peeyups o ng EyHey). May haunted haws rin sa kagubatan sa likod ng covcourts kung saan naka-costume ang mga terror profs (as if kailangan pa nila??), at legit na mag(nose)bleed ka sa mga sinasabi nila – "U r ineligible for graduation! Jer jer benks!" "F ba kamo? Ito isanlibong F! Wa ke ke ke!" "Cantina is ur refuge? We destroy Cantina! Pwah ha ha ha!"

Ilan pa sa mga kasamang atraksyon ng A-Fuuurrr ay mga eat-all-you-can-afford JayZEC food games, iba-ibang uri ng relays na may wallclimbing involved (training na rin umano ito upang sugpuin ang mga paring D na umeespiya sa mga paring H, Family Waley Feud kung saan naglalaban ang SOWM-SOSS!!!!-SO+SE-SOHH sa isang ball pit, at bingo kung saan ang grand prize ay isang date kasama ang greatest Arenistah who ever lived – hindi ikaw.

Pinagpipilian ng Sangganuhan kung sa mga organisasyong ikinakampyon ang sitwasyon ng mga sawing Arenistah na nasa friend zone o sa mga conyong naaapi at diskriminado sa media (tulad ng mga biktima ng Sosy Problems) ibibigay ang mga ito.

Tala ng Mga (Tahimik na) Nagdadalamhati

Hindi ako sigurado kung bakit ganito ang mga nangyari. Hindi ko namalayan, napagtripan na ako ng mga tao sa paligid ko. Parang pag-ibig.

Isa itong alamat ng Ateneo: isang nabigo, ngunit bumangon muli. Parang pag-ibig.

Pasok, apatetik na Artenista. Kaharap si Ate Photocopy na biktima ng kontraktwalisasyon (dahil kahingian iyon sa papel na sinusulat ko at hm so 'yon lang rin ang nakikita ko) (Bababa ba.) (Bababa.) (Rubadabangu!)

[1] Lumapit siya kay Ate na nagfo-photocopy [2] sabay nagsalita ang konsensya ni Atenean: Nakita ko ang mukha ni Ate na ngayo'y mangiyak-ngiyak na. Ang laki ng pisngi niya, payat naman sana siya. [3] Napilitan akong magtanong, kahit na wala akong pakialam, kung ok lang siya.

[4] Hindi ko inaasahang sagutin nga ni Ate ang mapagpanggap kong tanong. Dameng sinabe ni ate akala niya yata ako si Mike Enriquez ang sumbungan ng bayan – i.e. [a.] Demanding prof na daming pinapakopya (limitado lang ang mga machine; hindi ako nag-aalaga ng transformer), [b.] Ayaw pa siya gawing regular ng ahem ahem!!! (isyu ng kontraktuwalisasyon; delikado siya lagi) (Maiisyu pa yata ako sa pagsusulat nito)

[5] Napa-"Whoachillaxkalangshetanakngteklangkabayoamp" ako! (Sa isip ko!) [6] Una sabi ko "Ha?" pero narealize kong di nga naman ganun kadali ang maging kontraktwal worker. [7] Saglit na napa-hikbi si ate, at naramdaman kong nasa teleserye ako at ako si Ate Charo. [a.] Wala akong nagawa kundi tumulala kasi ano nga naman ang mgagawa ko, studyante lang ako, huminto na nga lang sa pagyoyosi di ko na kaya, ito pa kaya. [8] Pinunasan ni Ate ang munting luha na tumula sa kanyang pisngi, at sinabi niyang "tatakbo ako sa marathon bukas" (ay hindi pala) at sinabi niya "gutom nako di pa ko kumakain" (ay hindi pala ulit) at sinabi niya "akin na 'yong mga kailangan mong ipaphotocopy, unahin ko na yan."

Pinunasan ni Ate ang munting luha na tumula sa kanyang pisngi, at sinabi niyang "tatakbo ako sa marathon bukas" (ay hindi pala).



[9] Nagdadalawang-isip pa ako no'n dahil nagpunas siya ng sipon niya gamit ang dala ko. Pero pinagpilitan niya, ayan tuloy biglang lumindol (ay hindi pala, chos) Pinagpilitan niya ang pagpapaphotocopy kaya bumigay na rin ako.

[10] Madaling pinasada ni Ate ang mga babasahin ko. Praktisado, kahit tulog siguro si Ate kaya niyang gawin 'to. Hinintay ko siyang matapos, habang unti-unting nawawala ang bugnot at lungkot sa mukha niya. [a.] Gutom nako, Ate sana pwede kumain dito sa lib [b.] Do u hear the song of my pipol na nasa tiyan ko. [11] Pagkatapos, nag-iwan na lang ako ng chocolate na nabili ko kanina, siguro para na rin pampagaan ng loob.

[12] Nagbayad ako, sabay alis. [13] Keep the change.

[14] At inalala ko, si Ate kaya may break? Si Ate kaya may pahinga? Si Ate kaya magiging okay rin pagkatapos ng mahabang paghihintay, tulad ko? Ate, na pinipilit buhayin ang active life, at hindi ang contemplative life. [15] Hindi na talaga. Siguro sa loob-loob ni Ate, nagmo-monologue siya: Pagod na ko, sobrang pagod. Gusto kong iflash ang middle finger ko sa mga batang to dahil nakakabadtrip na, ang lakas umangal kahit wala sa posisyon pero di pala pwede, kahit na puro lang sila 2Pyus at Instagum at Pezbuk.

[x] Pero wala eh. Photocopy na lang... ng photocopy... ng photocopy. Pagmamasdan na lang ang pasada ng paulit-ulit na pahina ng kupas ng isyu –ay! Ng libro pala.

Halamang Nadiligan

BADUMDUM TSS! Mukhang nadagdagan na naman ang listahan ng mga sexual orientations para sa madlang repapipsz. Maliban sa posibilidad na mas dumami pa ang magsabing "It's complicated" sa mga relationship status nila sa Fezbuk, pustahan tayong mas darami pa ang magluluksa't masasawi oras na malaman nila kung ano na nga ba ang kalagayan ng katauhan ng mga iniibig nila't pinagnanasaan. Ano nga bang ipinuputak ko?

Gumamela, ampalaya, mustasa, kalabasa... anak ng tupa!!! Kahit ako nasasawi na. Palibhasa kasi, maramirami na rin ang nagsasabi na halaman na raw sila. Eh bakit daw, 'kamo? Kasi nga naman 'di naman daw pala sila nagkakagusto sa mga ategurl at sa mga boylaloo. Kahit nga yung mga friends nating vaklushis, 'di na rin nila pinapatos. NAKNAMPUTSALANGDIBATAWRSEDGHKSDG?!



Hindi ko ma-imagine na may umaayaw sa mga pechay at mga patola.

Seryoso, hindi ko ma-imagine na may mga aayaw sa mga pechay at mga patola. Laking gulat ko na nga lang nang makakita ako ng mga tunay, alive and breathing na mga taong ipinagsisigawan ang kanilang pagiging halaman.

Akala ko noon, kahit anong pilit nating pabalikin ang mga ito sa tamang lugar nila sa evolution ay hindi na sila makababalik pero mali pala ang akala ko. Mayroon pa rin palang mga nakababalik at nagiging tao muli—iyon nga lang, kailangan nang matagal-tagal na diligan at tamang paggamit ng Oppa Landi Style. (Sa bandang huli, ang napagtanto ko lang naman ay ang mag-ingat sa maling akala kasi mashakeet phowsz ajujuju).

Ika nga nila, "Patience is key." At kahit laslas pulso pa ang matagalang paghihintay at pagtitiyaga para maakit ang ating minamahal; kahit laslas pulso pa ang pilit na pagmumulat sa kanila na ang taong karapat-dapat para sa kanila ay nasa harapan lang nila, kailangan nating itaya ang ating oras, panahon, at mga pusong mamon para sa mga napariwarang mga halaman na ito. Kailangan nating tandaan na walang taong nananalo sa lotto nang hindi tumataya. May pag-asa pa. Malay mo, kung tama yung pampatabang balak mong gamitin para ganahan ang halaman na iyong pinagnanasaan ay madiligan mo na rin siya gaya ng inaasam-asam mong gawin balang-araw.

Ito na lang siguro ang maipapayo ko sa mga nagmamahal ng mga halaman: Gamitan mo na lang ng Oppa Landi Style Level 1000 at ng ibayong pagtitiyaga sa paghihintay na malanta ang mga berdeng dahon-dahon na kumapit sa kanya dahil hanggang ngayon ay naniniwala pa rin akong WALANG MAKATATANGGI SA MALINAMNAM NA PECHAY AT PATOLA.

Kalandian 101: Manlandi ay di biro



Madalas, sinasabihan mo ang isang tao na mahal mo siya, pero hindi na nilalandi mo siya. Sapagkat ang kalandian ay ginagawa.

Bakit ba parating pinoproblema ng mga tao ang pag-ibig? Hindi pa ba nagsasawa ang mga tao sa pakikinig kay Dr. Love? Parati naman din silang nasasaktan sa huli. Bakit hindi na lang ninyo ituon ang inyong panahon sa isang bagay na hindi gaanong nakasasakit ngunit nakakikilig at nakasisiya rin tulad ng pag-ibig? Bakit hindi kayo manlandi?

Parati na lang pag-ibig ang dinadakila. Iniluluklok sa pedestal yaong mga taong nagsasakripisyo, nagpapakatanga, nagdadrama, at higit sa lahat, hindi sumusuko, alang-alang sa pag-ibig. Wagas ang kanilang layunin—walang inaasahang kapalit ang kanilang pagpapakasakit. Kaya nga nagiging inspirasyon natin ang mga tauhan sa pelikula at aklat, kahit batid nating ang buhay nila'y nailatag na ng may-akda mula simula.

Samantala, inihahanay sa masama at duwag ang mga malalandi. Sila raw ang sumisira ng dalisay na imahen ng pag-ibig. Mas madaling landas daw kasi ito sa pag-ibig, kaya ang madlang hindi nagnanais ng hamon ang tumatahak nito. Samantalang ipinagmamalaki ang mga nag-iibigan, ikinahihiya naman ang mga naglalandian.

Nababansagang duwag ang mga taong nanlalandi na lang sa halip na umiibig, sapagkat takot daw silang masaktan. Ngunit sino ba ang taong nais masaktan parati? Siyempre ang mga umiibig. Puno kasi sila parati ng pag-asa, at kapag hindi sila natupad ang kanilang inaasahan, masasaktan sila. Samantala, masasabing ang pinakamahalagang utos ng kalandian ay "Huwag kang aasa", sapagkat iniiwasan nilang masaktan.

Ngunit kahit hindi ka masaktan, hindi pa rin madali ang panlalandi. Hindi kasi basta-basta nararamdaman ang kalandian. Madalas, sinasabihan mo ang isang tao na mahal mo siya, pero hindi na nilalandi mo siya. Sapagkat ang kalandian ay ginagawa.

Hindi tulad sa larangan ng pag-ibig na 'sapat' na ang makaramdam ng pagmamahal sa isang tao at maaari ka na lang umasa sapagkat "Love will find its way", walang umiiral na espiritu ng kalandian na tutulong sa iyo. Ikaw mismo ang gagawa ng sarili mong paraan; ikaw ang gagamit ng kalandian, hindi kalandian ang gagamit sa iyo.

Panandaliang aliw lang naman ang ninananais ng mga malalandi. Iyong simpleng pagkakilig dulot ng pakikipaglandian din ng taong nilalandi nila. Walang nilalayong pananagutan na kadalasa'y humahantong sa pagkakasakitan. Hanggang masaya sila parehas, tuloy ang landian. Kapag may isang nanganganib mahulog sa patibong ng pag-ibig, mahirap nang ipagpatuloy ang pakikipaglandian.

Kaya't kung gusto mong lumigaya ang iyong buhay, humanap ka ng lalandiin.

Humayo kayo't maglandian!

The Tanganglawin
FOUNDED JANUARY 6969 B.C.

BOYET
Sakdal Tanga

ANDITO AKETCH
Ubod ng Tanga

KALESA SAWSAWERO
Nakaaasiwang Tanga

BLUE BUBBLE
Tagapagpanday ng mga Tanga

MINESKI YOURSKI
Tagatalastas sa Tanga at Patnugot ng Sapot - Teknikal

KADILIMAN
Patnugot ng Sulutan at Kaliskisan

SIOPAI
Patnugot ng Siping

BENZAYB
Patnugot ng Lapangan

PANIS NA ITLOG NG BALYENA
Patnugot ng Sapot – Nilalaman

OREO PLATO MUNA
Pangkalahatang Tanga

MAALAM
Tangang Yaman

Mga Nagoyong Tanga
Aling Sioning, Bettylog Belmonte, Chicserluver, Chupalpalerang Chingkeh, Copy and Paste, Extra Diyos, Forst and Foremost, Friedrichi Ckenietzsche, Heythere Heidegger, Hitler, Isaw Dasein, Justin Buber, Kapitan Tutan, Liquor Ricoeur, Maeca Pinluck, Markova, Marvin Smoochessi, Nakngtekla, Pitsel Phokoh, Riz Tulido, Sum Konsipsyun, Sexrex, Yang Wayl En Pri



Home · Konek · Tumuklas · Ako



Hanapin







Tupa
Tingnan ang aking profile page

103	190	356
MGA TWEET	SINUSUNDAN	MGA TAGASUNOD

Sumulat ng bagong Tweet...

Sinong Susundan · I-refresh · Tingnan Lahat


Jejemon PNay @aj3j3j3m0n
Sinusundan ni Kahit Sino at Sino
Sundan



Lizh Huy @pashyown101
Sinusundan ni Kahit Sino at Sino
Sundan



Wheelly Revealme @CheekyBoy
Sinusundan ni Kahit Sino at Sino
Sundan


Tingnan ang mga kategorya · Hanapin ang mga kaibigan

Mga Nauuso sa Pilipinas · Baguhin

#ChicsergoestoMVPBasement
#PogisiHoraciodelaCosta
#ArreneyowhHeadlines
#RIPOneDirection
#IfIWereAJejemon
#IfIWereAChicserMamatayKaNaSana
#400ThingsAboutChicser
#AngLoveParangLupa
#DyanNagsisimulaYan
#SawingArtenista2013

twitter

© 2013 Twitter About Help Terms Privacy
Blog Status Apps Resources Jobs
Advertisers Businesses Media Developers


Mga Tweet


Krizzie Akino @Rubadubango214 30m
@PeeNoyPH Who did you bring na date sa Under The Stars?
Palawakin


Nognog Akino @PeeNoyPH 30m
@Rubadubango214 #SawingArtenista2013
Palawakin


Mahar Rosas @MrPalengke2016 30m
@PeeNoyPH sana ako nalang dinala mo #SawingArtenista2013 #affectedparin
Palawakin


Lola Lagare @LolaLegarduh 30m
@PeeNoyPH lagi naman tayong naiiwang mag-isa eh.
Palawakin


Cheesy Panadero @chizzy 30m
@PeeNoyPH Ateneo ka ba? Kasi win or lose, you're the one who I'll choose eh. :"> #Chizzy
Palawakin


Sungit Villa @MrsHanepBobohay 30m
@PeeNoyPH Mabuti nang mag-isa kesa malaman mong ginagamit ka lang pala niya #LaslasPulso #SawingArtenista2013
Palawakin


Kaymito Magsawsaw @MTSMGSYSY 30m
@PeeNoyPH creys
Mga detallyre here

Sumagot kay @PeeNoyPH @Rubadabungo214 @MrPalengke2016 @Lola Legarda @Chizzy @MrsHanepBobohay @MTSMGSYSY


Pasada @genericpage 30m
RT Stem cell add for only 60, 000!!!!!
Palawakin


Manong Juany @AllForJuan 30m
RT Stem cell add for only 60, 000!!!!!
Palawakin


Risa Horniveros @Risa Horniveros 30m
pic.twitter.com/afbvsiuwunl #WANT! OMG I'm puking rainbows. :))
Palawakin

Hide photo · Reply · Retweet · Favorite · More



Home Konek # Tumuklas Ako Hanapin


Tupa
Tingnan ang aking profile page

103	190	356
MGA TWEET	SINUSUNDAN	MGA TAGASUNOD

Sumulat ng bagong Tweet...

Sinong Susundan · I-refresh · Tingnan Lahat


Jejemon PNay @aj3j3j3m0n X
Sinusundan ni Kahit Sino at Sino
Sundan


Lizh Huy @pashyown101 X
Sinusundan ni Kahit Sino at Sino
Sundan


Wheelly Revealme @CheekyBoy X
Sinusundan ni Kahit Sino at Sino
Sundan

Tingnan ang mga kategorya · Hanapin ang mga kaibigan

Mga Nauuso sa Pilipinas · Baguhin
#ChicsergoestoMVPBasement
#PogisiHoraciodelaCosta
#ArreneyowhHeadlines
#RIPOneDirection
#IfIWereAJejemon
#IfIWereAChicserMamatayKaNaSana
#400ThingsAboutChicser
#AngLoveParangLupa
#DyanNagsisimulaYan
#SawingArtenista2013


twitter
© 2013 Twitter About Help Terms Privacy
Blog Status Apps Resources Jobs
Advertisers Businesses Media Developers

Mga Tweet



Meeryummy Mummy Defendor @DefensiveDefensor 30m
@RisaHorniveros buti ka pa sinusuportahan ako.#SawingArtenista2013
Palawakin


Risa Horniveros @RisaHorniveros 30m
@DefensiveDefendor coz we saucy girls have to stick togetha.#GirlPower
Palawakin



Nognog Akino @PeeNoyPH 30m
@Rubadubango214 nga pala, ikaw, sino kasama mo?
Palawakin



Krizzie Akino @Rubadubango214 30m
@PeeNoyPH On my own, pretending he's beside meeeee... ///wrist
Palawakin


Mahar Rosas @MrPalengke2016 30m
@Rubadubango214 Kung ako na lang sana #SawingArtenista2013
Palawakin


Krizzie Akino @Rubadubango214 30m
@MrPalengke2016 uhm.... barya ka noh? 'di kasi kita papansinin pag nakita kitang pakalat-kalat. #Awkward
Palawakin


Shelani Sulidad - Rumoulo @SheDaOne 30m
@Rubadubango214 Makapagsalita 'to, akala mo kagandahan ang lovelife... BIGYAN NG JACKET!
Palawakin


Krizzie Akino @Rubadubango214 30m
@SheDaOne Hoy ha, nakapag-asawa ka lang! #warfreak
Palawakin


Shelani Sulidad - Rumoulo @SheDaOne 30m
@Rubadubango214 At least alam kong hindi ako iiwan. #BOOM #FeelTheBurn!
Palawakin


Uncle Sawtwo @CopyrightProtected 30m
CYBERCRIME! CYBERBULLYING! @Rubadubango214 @SheDaOne! @PeeNoyPH kapatid mo oh!
Palawakin


Risa Horniveros @RisaHorniveros 30m
@Rubadubango214 @SheDaOne @PeeNoyPH @CopyrightProtected pic.twitter.com/ashdfuif nagcite ako ng source ha! :)))
Palawakin

Hide photo Reply Retweet Favorite More



Horroscope




Aries. Mar 21 - Apr 19
Tehhh! Mangingibabaw ka at titingalain ng lahat. Bumili na ng platform high heels and believe you can fly, butterfly, dragonfly... FLYING IPIS!



Cancer. June 21 - Jul22
Ibaon ang dapat ibaon sa limot. Better yet, ibaon ang ayaw makalimot. Ilabas na ang pala at i-speed dial na ang Funeraria La Paz.



Libra. Sep 23 - Oct 22
Darating ang suwerte ngayong buwan. I-welcome ito with open legs, tinapay at mainit na kape galing sa Starbucks o 'yong vendo machine sa Kostka extension.




Capricorn. Dec 22 - Jan 18
Ang love life mo, hindi parang EDSA. Mag-move on ka na.



Taurus. Apr 20 - May 20
Makipag-ayos sa nakaalitan, nang lalo siyang maasar sa 'yo. I-hug rin ito at ibeso. Pakainin ng siomai. Ligawan. Maglokohan.




Leo. Jul 23 - Aug 22
'Wag masyadong tumingala sa mga bituin. Tingnan ang dinaraanan, baka biglang umalingasaw ang tae ng kalabaw mong si Bantay.



Scorpio. Oct 23 - Nov 21
Magreflect: Why do birds suddenly apir? Do they have hands? What did the Prophet Beyoncé?



Aquarius. Jan 19 - Feb 18
Hindi kesyo maraming isda sa dagat, sure nang makakahuli ka. Bago kainin, amuyin muna kung sariwa pa ito. Kung panis na, ipamigay sa mga kumakain ng tira.



Gemini. May 21 - June 20
Bumili ng balde at ipunin dito ang lahat ng luha, laway at dugo. Dahil lahat ng bagay parang pag-ibig.



Virgo. Aug 23 - Sep 22
Manood ng One More Chance dahil ganoon nga talaga siya katigas, at u miss him lyk crazy. Follow @JohnLloydCruz08 para sa isang A Beautiful Affair.




Sagittarius. Nov 22 - Dec 21
Huwag magpaniwala sa sinasabi ng iba. Salamin lang ang hindi nagsisinungaling. Humarap sa salamin at face your fears or pwede ring your face (which may be feared).



Pisces. Feb 19 - Mar 20
Lamang siya ng isang paligo sa 'yo. Maligo na dahil walang macho sa lumilipad na ipis.





Balentayms Ispeychal:
8 BAGO AT MAINIT-INIT PANG MOMOL MOVES

ni KAPITAN TUTAN

NAGKUKWENTUHAN lang kayo kanina, ngayon iba na. May kung anong mala-koryenteng pakiramdam na dumaloy sa inyong nag-iinit na katawan. Pero sawa ka na sa simpleng yakap, hipo at kiss-kiss lang. Sa Araw ng mga Puso, handog namin sa inyo ang ilang paraan upang mapaunlad ang inyong MOMOL skills.

1. LAPLAP GANGNUM STYLE. Gasgas na ang make-bulong-to-me-the-sweet-stuff MOMOL. Lagyan ito ng twist sa pamamagitan ng pagpapatubo ng bigote at balbas. Habang bumubulong, ipangkiliti ito sa leeg at tenga ni gurl. Kapag nagsawa na siya sa rugged look mo, bunutin ang buhok isa-isa habang nagrerecite ng "she loves me, she loves me not."

2. EEYY SEKSE BABY. Malamok sa campus ngayon, kaya naman naglipana ang mga wais at praktikal na chix na ginawang damit ang kulambo. Sa tingin pa lang, ipalasap na sa iyong bf ang momolicious curves mo. Mag-ingat lang sa mga nakikilasap (na lamok).

3. Lavapalooza sa SECS Walks. Ni isang tao ay wala kang madadatnang taong naglalakad sa SECS Walk. Pramis, as in WALA talagang dumadaan dito, kaya malaya kayong tumayo sa gitna ng pasilyo at bigla-bigla na lang maglampungan to the max. Walang maiinis, walang magugulantang, walang sinumang hahadlang sa inyo. Go lang talaga.

4. Sa Ryzzal Library. Ilevel-up na ang aksyon sa pinakapopular na momol hotspot sa campus. Hintaying mag-closing time. I-on ang spy mode at makipagtaguan sa security cams at kay Kuya Guardz para masolo ninyo ang palapag buong gabi. (Tip: Para may thrill, hanapin sa dilim ang makakapal na libro ng Physics at Math at ipanghampas sa iyong partner, ala-50 Shades of Grey).

5. e-MOMOL. Sa panahon ngayon na lahat na lang ng bagay ay kinakabitan ng "e" sa unahan, hindi magpapahuli ang momol. Mag-log-in lang sa Fezbuk, makipagchat at paganahin ang imahinasyon. Gumawa ng itinerary ng mga bahagi ng katawan na iyong sasalatin. Kung ayaw mong makasuhan ng ADSA Seguerra, gumamit ng Turabian format kung magcicite ng mga memorable lines sa FHMz. With at least 69 footnotes.

6. Forest Adventure. Kung makakalampas sa mga mata ng tricycle drivers, magtungo agad sa gubat sa likod ng terminal. Buhayin ang inyong animalistic na pagnanasa sa paggaya sa mga tunog ng hayop sa zoo. Ihanda na ang bawang para sa kagat ng hantik.

7. GA-kuno. Magpareserve ng isang di-puntahing silid sa OAZ para sa isang "GA" ng org na kayong dalawa lang ang miyembro. Matapos ang reservation, magtungo na agad sa silid at simulan na ang inyong mga umaatikabong Group Dynamics.

8. Sa likod ng estatwa ni St. Ignationalbookstore. Ang pinakapribadong lugar dito sa listahan, marami nang momolers ang nakatulong maitaboy ang mga nagtatangkang magdibs sa espada ng santo. Sa ilalim ng mga tala kapiling ang malambot na damo, wala nang pipigil sa pag-abot ninyo sa rurok ng kaligayahan. Paminsan-minsan, may paring dumadaan, pero ok lang, dahil wala naman silang ulo para makita ang mga ginagawa ninyo.

Tandaan, walang anumang dapat ikahiya sa pagmomomol dahil ito ay isang disenteng gawain at bahagi lamang ng daan sa pagiging kapita-pitagang tao.

Weather Update

Lunes
Unang araw ng linggo kaya't maninigas ka sa lamig ng panahon. Suotin ang jacket na bigay ni Waley Revillami para sa mga pusong-bato.

Martes
Magiging mahangin at may posibilidad na mahawi ang sandamukal na readings. Paroo't parito sa Bel Field ang helicopter ni Fr. Bwen Newbrest dahil nabalitaan niya ang extension ng red brick roads.

Miyerkules
Magiging sobrang as in sobrang maaraw dahil nagbakasyon ang mga ulap sa Boracay. Umiwas sa ampalaya at huwag mainggit, balang araw makakapag-Ateneo de Bora ka rin.

I'm so HOT and I know it.

Huwebes
Maulan at masangsang ngunit magiging maaraw ngunit uulang muli. Parang si Panny B. Mangilinan, pabago-bago ang isip. Parang pag-ibig. Hayz.

Biyernes
Ihanda na ang mga jetski at yate dahil uulan at babaha of epic proportions, parang Ondoy pero sa Areneyowh lang. Aasahang dadaong ang arko na mula sa dagat ng Espana. Also: 'Di ka makakapag-party.

Sabado
Dahil buhay ka pa rin pagkatapos ng baha, magiging maalinsangan ang panahon ngayon. Asahan ang pag-ulan ng asin at tuyo.

Linggo
Maaraw ngunit paambon-ambon buong araw dahil may ikinakasal na kapre at batibat. Ikaw na lang ang hindi ikinakasal sa tropa ninyo. Rethink your life choices.

DA HU???

ni MARVIN SMOOCHESSI

DA HU NUMBAH WAN

Sinong former child-star-turned-adult-entertainer ang nag-litanya ala amalayer-carabuena sa branch ng Makdogag sa Bangkal dahil dalawang ketchup lang ang nilagay sa kanyang teykawt bag? Defense naman ni talking hairnet hindi raw kailangan ng red sauce sa hot fudge sundae! Kalurki! Clue: Taga-Barangay Beler daw si Mama Hulk pero nakikita sa katabing Barangay Samang Hangin! Rhymes with pooki-peryah! Da hu?!

DA HU NUMBUR TWEU

One little two little three little green trees, four little five little six little green trees...Da hu ang umaming nagdadalang-puno for the seventh time?! "Oo, si mahogany ang AMA!" Sigaw ng green eyed, love struck na buntis nang mamatay lahat ng ilaw sa kanto ng Guadalufet. Klew: Once upon a time bayaw niya ang tatakbo sa imaginary triathlon sa likod ng Kamining dahil lang isang libo't isang tuwa na ang electric fan niya. Da hu?!


DA HU NUMBAR TRI

Tuko ba siya? Bakit? Malakas pa kasi sa mighty bond ang kapit niya kay Koyang Buwaya (KB)! Da hoostacles 'tong tall, stark and chenalen na starlet na ang latest starring role ay bilang anino ni KB dahil finlay away siya sa jet plane at pinatikim ng foie gras. Nang ikwarto raw siya ni KB, rinig ng katulong ang paulit ulit na sigaw ni koala bear: "Once u go duck, u never luk yuen!!" Hint: Disease my body and I sell it! Da hu?!



SEXREX

ANG GABING NATIKMAN KO ANG PINAKAMASARAP NA LAMAN SA BALAT NG LUPA



Isang madilim at malamig na gabi noon - hinding-hindi ko malilimutan. Sa gabing iyon natikman ko ang pinakamasarap na laman sa balat ng lupa. Mag-isa lang ako sa bahay kasi umalis sina Mommy at Daddy. Naging rutina na ito para sa kanila at sa'kin. Uuwi sila sa ganap na ika-5 ng umaga na amoy-alak. Hindi na talaga sila naka-move on sa kanilang mga araw sa kolehiyo. Akin na ang gabing ito. Matitikman ko na rin siya.

Ring-ring-ring-ring…

"Hello Cindy, wala na sina Mommy at Daddy. Gusto mo na bang gawin?" Mga anim na segundo ako naghintay bago ko narinig ang boses ni Cindy. Sa loob anim na segundong iyon, umasa ako na isang matamis na "oo" ang kaniyang isasagot sa'kin.

"Larry, sigurado ka na ba sa gagawin natin? Isipin mo rin ang kapakanan mo, ang kapakanan nating dalawa. Larry, natatakot ako."

"Cindy, 'wag ka nang matakot, 'wag ka nang mag-alala. Hinding-hindi ko hahayaan na may mangyari sa'tin. Sabi rin naman ng mga kaibigan ko na nakasubok na, masarap daw talaga. Uulit-ulitin, babalik-balikan."

"Sige na nga. Basta promise ah," sagot ni Cindy.

"Promise. Meet you at your house in ten minutes."

Dali-dali akong nagbihis. Kahit na hindi bagay ang suot ko, wala na talaga akong pakialam. Huhubarin ko rin naman itong suot ko maya-maya lamang. Kinuha ko ang aking susi at sumakay sa aking kotse. Mukhang kasya pa naman ang gasolina upang makarating sa bahay ni Cindy.

Vroom-vroom-vroooom…

Limang minuto pa lamang at nakarating na ako sa bahay ni Cindy. Nagulat na lang ako at nasa labas na siya ng kaniyang bahay. Nakasuot siya ng kulay ube na sleeveless na turtleneck at kulay puting miniskirt. Litaw ang kaniyang natural na pagkaputi. Binaba ko ang salamin ng kotse at sinenyasan siya na pumasok na.

"Babe, handa ka na ba sa gagawin natin?" sabi ko sa kanya.

"I'm scared, pero bahala na kung anong mangyayari," sagot niya.

Tumungo lang ako sabay tapak sa pedal. Matagal ko nang pinag-planuhan ko saan namin ito gagawin ni Cindy kaya hindi ko na kailangan pang tanungin sa kanya kung saan kami dadaan. Ilang beses nang tumakbo sa aking isipan ang mga mangyayari.

Babalatan ko siya hanggang wala na siyang saplot. Aamuyin, kakagat-kagatin, didila-dilaan. 'Pag patapos na ako, bubuhusan ko siya ng mainit at malagkit na sarsa, at titingin kay Cindy upang malaman kung nasarapan din ba siya. At 'yon na nga ang ginawa namin nang makarating kami sa pagdarausan ng aming seremonya.

Tinanggal, ninamnam ang bawat parte niya. Inamoy ko ang mahalimuyak niyang laman. Kinagat-kagat at dinila-dilaan. Totoo nga ang sinabi nila. Masarap talaga. Heto na ang pinakahihintay ko. Unti-unti kong ibinuhos sa buong katawan niya ang mainit at malagkit na katas. Ang sarap. Tiningnan ko si Cindy, at mukhang nasarapan rin siya. Nakapikit habang sinusubo ang mataba at mahabang hotdog.

"Masarap ba?" Tanong ko sakanya.

"Gusto ko pa ulit..."

"Sige, isa pa..."

"'Wag na, mahaba pa ang pila!"

"Ayos lang. Bibili pa naman ako ng isa pang Chickenjuy. Gusto ko rin tikman 'yang Jali Hotdog."

Ito ang gabing natikman ko ang pinakamasarap na laman. Ito ang kuwento noong unang beses akong nakatikim ng fast food. Tulad nga ng sinasabi nila, masarap talaga ang bawal, ngunit uulit-ulitin ko pa rin. Nakakatakam talaga ang Chickenjuy ng Jalibi. Masarap rin 'yong Jali Hotdog.

Mapapa-HNNNG kayo sa sarap!

Canteen-uh

MULA PAHINA 1

Dahil marami nga ang makakamiss sa bar, marami ring paraan ang ginawa ng mga Artenista para mapigilan ang pagpapasara ng Canteen-uh. Nabalitaan pang nag-attempt na magwelga ang mga Artenista sa pamumuno ng Tsonggu, ngunit apat lang ang pumunta.

Nitong nakaraang linggo, sama-sama na lamang nagtirik ng kandila sa gate 4.5 ang mga Artenista, pati na rin sa lupang dating kinatatayuan ng Canteen-uh. "It was a sad day for all sad Arteneans indeed, because of the sadness that this event for Arteneans is, it's really that sad," ani Fr. Kilawin.

Penoy lüvlyf exposed!

ISANG EKSLUSIV TANGA NEWS

Sa isang extensive na pagsasaliksik ng isang Tanga, natagpuan namin ang diary entries na ito na walang ibang identifier kundi ang byline na "ü."

2005 Shalalalala my oh my! Nasa SONA ako ni PGee the other day at nakakita ako ng what an exotic byuti! May mga kasama siyang camera men at mga make up artist pero wow what a natural sa camera! Kahit sa Tarlac wala akong nakikitang katumbas niya! Shalalala my oh my! Pero gaya ng pagtatapos ng SONA ni PGee, dito na natapos ang ating magpakailanman... Shalalala bye oh bye... ü

2008 Iba na talaga pag Senador! Sarap ng buhay, pa-steak haws steak haws na lang! Pero my heart goes Shalalala naman sa sobrang daming steak! Pero wow nakakita ako ng chika bonita, ohlala! There I see her...sitting there across da way! There's something about her! Oo, 2005! Shalalala my oh my! I want to kiss the girl! ü ü

2010 Ther was once a boy... a very strange, enchanting boy huhuhu Shalalala bye oh bye, binigyan niya ako ng jacket at sinabi sa aking "The greatest thing you'll ever learn is to luv and b luv in turn." Shalalala why oh why? ü

2010 I am prezident!!!! Yesss!!! Thank u mother!! Thank u father!! And most especial, thank u parents!!! ü ü ü

2010 Wala raw akong fashown sense sabi ni bunso, so binigyan niya ako ng styliz. Ang galing niyang styliz! Sometimes when we touch, the honest is too much! Pero ang daming kontra huhu lalo na yong umiiyak na QTP2T. Sinasabi ko lagi sa kanya na "Alam mo yung feeling na parang sinusuko ko na sayo lahat! I wanna stop wondering, what if.. I want to know what is!!" SO iniwan niya ako k!! PS. Lizin...to the song here in my heart: Ipikit ko lang ang mga mata ko, para kung masaktan man ako, di ko makikita.... ü ü

2011 ANSAYOH!!! Kimchi buchi kebabers lomi bulgogi bargurs inc!!! Unya kay pagkagwapa man gyud sa mga Cebuano sa Cebu, labi na si hehehe ansayooo!? Nang makitan nako siya ay sus maryosep I want Nobody nobody but you ansayo! Hay hay hay ako si Mr Suave. Unya kay nagbreak man mi kay wa mi nagkasinabot. Kaluoy sa akong gugma :-(hehe ü

2012 Maganda pala maging Lonely de Castro kasi dedmadela lang sa mga ces drilown ng bayan!! Pero nakakamiss magkaroon ng babaeng insecure and she doesn't know what for. I want that one thing!!! ü ü

2013 Ayon sa aking torture teller, magkaaasawa na raw ako ngayong taon!! Sana ang maging sing-tamis ng wine at sin-tatag ng sunshine!! ü <3

Sen. Tootie Sootie: 'To err is human. To forgive divine'

ni KALESANG SAWSAWERO

Kaliwa't kanan ang batuhan ng mga batikos laban kay Sen. Tootie Sootie noong pinagdedebatehan pa ang dating RH Bill o Reproductive Horny Bill na ngayo'y naisabatas na. Kaya naman, sa ngalan ng patas na pamamahayag, hiningi ng Tanga ang panig ng senador upang bigyang-linaw ang mga paratang sa kanya. Narito ang panayam ng Tanga sa kanya nang matagpuan namin siya sa isang sikat na tutorial center na malapit sa Arneowh:

Tanganglawin (T): Ginoong senador, magandang tanghali po. Huwag na po tayong magpaligoy-ligoy. Gaano po katotoo ang mga akusasyon laban sa inyo, na kayo raw po ay isang manunulad o plagiarist?

Sen. Sootie (S): Better to be hurts by the lie than comforted with a truth. Alam mo kasi, talagang marami lang ang walang magawa sa buhay. Hindi katulad ko, dami-dami kong inaatupag. I serve the country as an senator of the Republic of the Filifines. I am an servant to the great, butler to the greater. Nagbibigay din tayo ng panandaliang aliw sa ating mga kababayan tuwing tanghali dahil alam mo naman, tulad ng turo ng dakilang Mercury Drug na laughter is the best drugs. Smile though your heart is aching, sabi nga ng dakilang pilosopong si Nat King Cole. See, I cite my sources.

T: So totoo po ba o hindi? Pati po ang chief of staff niyong si Atty. Achilles Courttown, parang inilalaglag na kayo. Kinopya ninyo raw yung sinulat ng blogger na si Sarrey Pop at US Sen. Bobby Kenny.

S: Truth is relative eh, no? There are no facts, only interpretations. After all, facts are the enemy of the truth! I never said they were mine. So totoo lang, di ba nga, copying or imitation is the highest form of flattery? Kaya they should be flattened! I have nothing to declare but my sincerity in opposing the RH. I am truthful, no matter what they say 'coz words can't bring me down, ika nga ng doktor sa teolohiyang si Christina Aguilera.

T: Pero ang plagiarism, hindi naman po nangangailangan ng masamang intensyon upang mapatunayang may sala. Kaya po dapat, mas maingat at mas alisto tayo sa mga sinusulat natin.

S: Kalokohan naman. After all, it's the thought that counts. I never passed it off as mine. Ano lang, ginamit KO lang sa speech KO na AKO mismo ang gumawa at nagdeliver. Yun lang. Alam mo, all these are a part of a ploy of RH bill advocates, tulad ni Risa Planktonveros-Barnacle at si Piyaya Keritano. Let them file their case, but until such time and unless they prove it, I shall remain innocent of what they charge me with. Pasensya na ano, pero I have to go. Tapos na yung recess, magagalit na si Miss Tapia and I have to finish my masters degree in Flatteration, minor in Imitations.

T: Mensahe niyo na lang po sa mga patuloy na bumabatikos sa inyo?

S: Uhhrrm..."To err is human, to forgive divine," sabi nga ng propetang si Shakira bilang, you know, her hips don't lie.



~nO iD~
~*nO eNtRy*~
@j3j3j3j3
V^w^V

Fr. Domdom:

MULA PAHINA 1

Nag-umapaw naman ang kabobohang nakunan ng mga Tanga respondents nang magka-Twitter party nong December 20:

RT @SiomaiLuv4u Anong oras kaya darating yong asteroid na sasalpok sa earth? #EotW2012

RT @LonelyDeCastro I'm redi for the end of the world tonight! #ootd #instafashion #EotW2012 #burgis instagr.am/p/jUm3j3m0nKaNoh

RT @KrystalHegel Dami nang tao sa mundo we need a new plague lol #EotW2012

May iba mang sumeryoso sa end of the world na babala ng mga Mayans, marami naman ang nagpaka-YOLO kahit na alam nilang naglolokohan lang ang madlang pipol ng internet na nagkalat ng tsismax na ito.

RT @Gus2qHapiKa Mahal na mahal kita Wilhelmina...bago matapos ang mundo gusto kong malaman mo yon... kahit panget ka...mwahugsMOMOX

RT @Parapapa87000 Di ako magsusuot ng brip ngayon, di ko rin naman malalabhan bukas yeheesss #UOLW u onli ligo wans!

RT @LifeofPee Grabe si Mother Nature, galit na galit. Pagkagising ko, iba't ibang klaseng call of nature ang nangyari sa kama

Ano't ano pa man yan na na-headline na balitang end of the world na nga daw, gaya ng

"Nostra senyora damos, hinayag na mayayanig ang mundo sa ika-1 bilyon na view ng Gangnam Style"

"Justin Beber, natsismis na may cancer. Mga fans, nagpakalbo at ibinigay ang buhok nila para may bangs pa rin si Bebers!"

"Mga single, nagpakasal sa kapwa single! Populasyon ng Pilipinas, inaasahang raraket sky high sa September 2013!"

Pinabulaanan naman ni Fr Domdom of the Espanis na ang doomsday raw ay naudlot dahil sa global warming na nangyayari sa mundo.

"Extended pa ang life span ng mundo to 400 years!!!!"

Kung paano man natin harapin ang balitang ito na mula sa pagkalimot ng mga Mayans na ituloy ang kanilang kalendaryo, we will go down in history bilang ang sibilisasyong naniwalang YOLO.